TOMO 10 BILANG 11 | ISSN NO. 2599-5405 | NOBYEMBRE 2023

# SULONG

ANG PAHAYAGANG PANGKAUNLARAN NG CARD MRI











# CARD MRI, NAKAMIT ANG DIGITAL FINANCIAL INCLUSION AWARD

ni Josephine Ramos




*Pinarangalan bilang isa sa mga outstanding microfinance institutions (MFIs) ang CARD MRI sa 2nd Digital Financial Inclusion Awards (DFIA). Ang pagtanggap ng pagkilala ay pinangatawanan nina CARD MRI Founder and Chairman Emeritus Dr. Jaime Aristotle B. Alip (una mula sa kaliwa) at CARD MRI Managing Director Aristeo A Dequito (pangalawa mula sa kaliwa).*

Hinirang ang CARD Mutually Reinforcing Institutions (CARD MRI) bilang isa sa limang *microfinance institutions* (MFI) na nagwagi sa 2nd Digital Financial Inclusion Awards (DFIA), sa BSP Assembly Hall sa Metro Manila noong Oktubre 24, 2023.

"Ang pagkilalang ito ay isa sa aming mga inspirasyon upang patuloy na maging mahusay sa larangang ito, kaya't mananatili kaming nakatuon sa pagpapalawak ng aming produkto at serbisyo sa pamamagitan ng *digitalization*," ani CARD MRI Founder and Chairman Emeritus Dr. Jaime Aristotle B. Alip.

Ang DFIA ay isang *financial inclusion award program* na naglalayong kilalanin ang mga *financial institution* na nagtataguyod sa *digitalization* upang mapalawak at mapahusay ang kanilang mga operasyon.

Ang nasabing pagkilala ay pinamahalaan ng Microfinance Council of the Philippines (MCPI) at binigyang pondo naman ng Citi Foundation at sinuportahan ng Citi P2

## CARD MRI, NAGTANIM NG 750 PUNO NG BAKAWAN SA ORIENTAL MINDORO

ni Josephine Ramos

Nagtanim ang CARD Mutually Reinforcing Institutions (CARD MRI) ng 750 puno ng bakawan sa Brgy. Baruyan, Calapan City, Oriental Mindoro noong Oktubre 7, 2023.

Ang pagtatanim ng bakawan sa nasabing lugar ay bahagi ng rekomendasyon ng Department of Environment and Natural Resources (DENR) upang maiwasan ang pagtaas ng *carbon footprint* at pigilan ang higit pang pagkalat ng *oil spill* na dinaranas ng lugar.

Ang aktibidad ding ito ay pagsuporta ng CARD MRI sa pandaigdigang misyon na makamit ang Sustainable Development Goals. P2

Basahin ang isyung ito upang manalo ng **P50.00** load via konek2CARD!

**Anong award ang napanalunan ng CARD MRI noong Oktubre 24, 2023?**

Ikomento ang inyong kasagutan sa aming KOAderno post sa aming official facebook page @PublishingHouseInc.



# CARD MRI, NAKAMIT ... P1

Philippines at Bangko Sentral ng Pilipinas.

Kabilang sa mga nagwagi ang Kabalikat para sa Maunlad na Buhay, Inc. (KMBI), Kabuhayan sa Ganap Kasarinlan Credit and Savings Cooperative (K-Coop), RAFI Micro-Finance, Inc., at Rural Bank of Guinobatan, Inc.

Ang mga ito ay nakatanggap ng P100,000.00 upang mapahusay pa ang kanilang *digital awareness* at paggamit ng teknolohiya.

Higit pa rito, kinilala rin ang mga *microentrepreneur* na ang tagumpay ay sumasalamin sa epektibong paggamit ng teknolohiya at paghahatid ng *digital financial services* ng MFI sa komunidad na may malaking kontribusyon sa pag-unlad ng ekonomiya ng bansa.

# CARD MRI, NAGTANIM NG ... P1




*Nakibahagi ang mga kawani ng CARD, Inc. (A Microfinance NGO), CARD Bank, at CARD MBA sa pagtatanim ng mga puno ng bakawan sa Oriental Mindoro.*

Ani CARD MRI Managing Director Aristeo A. Dequito, "Habang mayroon kaming iba't ibang inisyatibo upang pangalagaan ang kapakanan ng mga tao at ng ating planeta, ang pagtatanim ng mga puno ay isang mahalagang ambag upang makatulong tayo sa pag-abot ng 17 SDGs. Ibinahagi din niya na ang CARD MRI *banking institutions* ay kaisa ng Bangko Sentral ng Pilipinas sa pagtataguyod ng *sustainable financing* sa pamamagitan ng BSP Circular No. 1805 Series of 2020.

Nakibahagi sa nasabing aktibidad ang halos 150 kawani mula sa mga institusyon ng CARD MRI kabilang ang CARD, Inc. (Isang Microfinance NGO), CARD Bank, at CARD MBA.

"Hindi naging madali, ngunit napalitan ito ng saya dahil nakatulong kami sa kapaligiran at nagkaroon ng pagkakataong makasama ang ibang kawani na mas lalong nagpatibay ng aming samahan," ani CARD Bank Regional Director Venancia Salazar.

Samantala, nilagdaan naman ng CARD-Business Development Service Foundation Inc. (CARD-BDSFI), isa ring institusyon sa ilalim ng CARD MRI, ang isang *memorandum of agreement* sa DENR. Bahagi ng kasunduang ito P4

# BUKAS para sa LAHAT



*Ang programa ay dinaluhan ni CARD MRI Managing Director Aristeo Dequito, CARD, Inc. Executive Director Vicente Briones Jr., Rev. Fr. John Beloved Ma. Tudtud, kasama ang ilang kawani ng CARD MRI.*

## CARD, INC., NAGBUKAS NG SATELLITE OFFICE SA SAN PABLO CITY

*ni Josephine Ramos*

Binuksan ng CARD, Inc. (A Microfinance NGO) ang bago nitong opisina sa Balverde St., San Pablo City, Laguna noong Oktubre 2, 2023.

Ang nasabing opisina ay nakatakdang gamitin ng CARD, Inc. *project team* sa pagbuo ng mga pamamaraan sa operasyon at aktibidad ng institusyon habang inilalapit ito sa opisina ng CARD MRI Information Technology, ang IT service provider ng CARD MRI.

"Ang paglipat ng ating *project team* ay isang paraan sa mabilis na komunikasyon sa pagitan ng *developer* at *tester* na isang daan upang mas mapahusay pa ang ating mga proyekto at mapabilis ang pagbuo ng mga makabagong pamamaraan sa ating operasyon," ani CARD, Inc. Executive Director Vicente Briones Jr.

Ang CARD, Inc. ang unang institusyon ng CARD MRI na naghahatid ng mga produkto at serbisyo gaya ng *credit, microinsurance*, at *community development*, na naglalayong maiangat ang buhay ng mga kasapi at komunidad.

Ngayong Hulyo 2023, mayroon na itong 2,772,275 mga kliyente. Para sa karagdagang impormasyon, maaaring bisitahin ang opisyal na *Facebook page* ng CARD, Inc. sa https://cardmri.com/cardinc/?page_id=140.

# KWENTONG TAGUMPAY



*Gamit ang malikhaing mga kamay, patuloy sa paghahabi ng kapalaran si Helen Ramos kasama ng kanyang asosasyon.*

## NASA KAMAY NG KAPALARAN

*ni Mary Rose Javier*

Sa bayan ng Cavinti, Laguna matatagpuan ang mga sining na gawa sa 'Pandan'. Kabilang sa mga gumagawa nito ay ang Cavinti Women's Agriculture Cooperative na pinamumunuan ni Helen Ramos.

Sa edad na siyam, inilaan ni Helen ang kanyang oras sa paghahabi gamit ang kanyang malikhaing mga kamay. Sa murang edad ay natutuhan na niya kung paano kumita ng pera na kanyang ginamit sa kanyang pag-aaral.

Kalaunan, sumali siya sa isang grupo ng manghahabi nang kumuha ang lokal na pamahalaan ng Cavinti ng mga residente na magtatrabaho sa isang bubuksang *souvenir store* na magbebenta ng mga basket, bag, sombrero, banig, at iba pang dekorasyong gawa sa dahon ng pandan. Mula noon, pinamahalaan ni Helen ang 47 miyembro ng asosasyon bilang pinuno nito.

Sa tulong ng mga LGU, tumaas ang bilang ng kanilang mga mamimili gayundin ang kanilang benta. Inimbitahan din sila sa iba't ibang *trade fairs* at *festival* gaya ng Anilag at Sambalilo kung saan naipakikita nila ang kanilang mga produkto, daan upang mas mapalawak ang merkado nito.

Humanga naman ang Department of Trade and Industry sa mga nagawa ng asosasyon kaya't naglunsad sila ng mga pagsasanay upang maiangat ang kalidad ng kanilang mga kakayahan at produkto at makilala ito ng marami. Nakakuha rin sila ng karagdagang puhunan sa CARD MRI Rizal Bank, Inc. (CARD RBI), isang *microfinance-oriented rural bank* sa ilalim ng CARD MRI.

Ayon kay Helen, "Hindi sapat ang may kaalaman ka lang, kailangan namin ng suportang pinansyal upang maisagawa ang aming negosyo."

Gayunpaman, sinubok pa rin sila ng mga pagsubok. Dahil sa maselang panahon, nahirapan ang asosasyon na gumawa at maghatid ng maramihang order mula sa kanilang mga mamimili. "Tunay na mahirap makuha lahat ng materyales na kinakailangan sa gitna ng pag-ulan," ani Helen.

Sa kabila nito, patuloy na nagpursige si Helen at ang kanyang samahan upang mapagtagumpayan ang hamong ito. "Tinulungan kami ng DTI na paunlarin ang aming mga kakayahan at ang CARD RBI naman ang naging pundasyon ng aming negosyo," aniya.

Patuloy sa paghahabi ang samahan nila Helen patungo sa tagumpay, "Tulad sa paghahabi, anuman ang ating direksyon at pinagdaanan sa buhay, nasa ating mga kamay naman ang ating kapalaran patungo sa tagumpay," pagtatapos ni Helen.

## TAGUMPAY SA SARILING BAYAN

*ni Edrian Banania*



*Si Frederick Burgos, isang negosyante at kliyente ng CARD SME Bank, na nais magtrabaho sa ibang bansa para makamit ang pangarap ngunit nagtagumpay sa kanyang sariling bayan.*

Gaya ng karamihan, si Frederick Burgos mula sa Tanauan, Batangas ay naniwala sa mga hula para alamin ang tadhana na naghihintay para sa kanya. Bilang nangangarap para sa pamilya at sariling kinabukasan, nagtiwala siya rito.

Iniwan ni Frederick ang pagiging isang *corporate employee* at kumunsulta sa isang manghuhula upang malaman kung dapat ba siyang magtrabaho sa ibang bansa para makamit ang kanyang mga pangarap.

"Magtatagumpay ka sa iyong sariling bayan," aniya ng manghuhula kay Frederick at ito ang kanyang nagsilbing inspirasyon.

Kasama ang kanyang asawa, nagsimula silang magbenta ng niyog o buko na kanilang naging pangunahing pinagkakakitaan. Lingid naman sa kanyang kaalaman na isa sa kanyang mga naging mamimili ay isang *mall supervisor*.

"Nasiyahan siya at nagustuhan ang kalidad ng ibinebenta kong buko," aniya. Naging daan ito upang maging *supplier* siya ng isang *mall* sa Batangas at nagsimulang umunlad ang kanyang negosyo.

Upang mapalawak pa ang kanyang negosyo, nakipagsapalaran si Frederick na magbenta ng mga kalidad na gulay at prutas gaya ng saging. "Hindi ko rin inaasahan na muli akong aalukin P4




## TAGUMPAY SA ... P3

ng mga empleyado ng *mall* na maging suplayer ng mga prutas at gulay," paliwanag niya.

Gaya ng iba, sinubok rin si Frederick ng mga pagsubok sa pagpapalago ng kanyang negosyo ngunit naging kaakibat niya ang CARD SME Bank, isang *thrift bank* sa ilalim ng CARD Mutually Reinforcing Institutions (CARD MRI).

"Laging bukas ang institusyon para suportahan ang aming negosyo lalo na sa mga panahong kinakailangan namin ng karagdagang puhunan," aniya.

Sa kasalukuyan, patuloy sa paglago ang negosyo ni Frederick. Bukod sa kanyang buko, prutas, at gulay, nagtitinda na rin siya ng mga itlog, uling, at suka na gawa sa kaong. Nagpapatakbo na rin siya ng babuyan bilang isa pang pagkakakitaan.

"Sa lahat ng aking mga napagtagumpayan, akin ng napatunayan na tama ang nasa hula; makatatagpo tayo ng tagumpay sa ating sariling bayan, basta't magsumikap at magtiwala sa Diyos," pagtatapos ni Frederick.

## CARD MRI, NAGTANIM NG ... P2

ang mga aktibidad para sa kapaligiran at pagbisita ng DENR sa mga puno.

"Hindi natin mapupuksa ang kahirapan kung hindi natin pangangalagaan ang ating likas na kapaligiran," ani CARD MRI Founder at Chairman Emeritus Dr. Jaime Aristotle Alip. "Sa patuloy na pagbabago ng ating klima, ang ganitong uri ng aktibidad ay isang epektibong paraan upang labanan ito at protektahan ang ating kapaligiran."

Hinahangad ng CARD MRI ang pag-unlad ng komunidad sa pamamagitan ng mga institusyon sa ilalim nito na nag-aabot ng mga serbisyo hindi lamang pinansyal, kundi pati na rin sa kalusugan, edukasyon, at iba pang programang pangkaunlaran.







SULONG
EDITORIAL BOARD

Dr. Jaime Aristotle B. Alip
Aristeo A. Dequito Marilyn M. Manila
Editorial Advisers

Dr. Edmund G. Centeno
Editor-in-Chief

Cyrene Grace DC. Lubigan
Managing Editor

Jeffrey C. Tandingan
Associate Editor

Albert A. Dayag
Ervin M. Calabia
Layout Artists

Edrian B. Banania
Harlene Joy F. Reyes
Josephine M. Ramos
Mary Rose A. Javier
Writers